PANSAMANTALANG PAGBOTO

Bawat Boto ay May Kabuluhan,
Bawat Halalan ay Mahalaga.



Ang pansamantalang pagboto ay ginagamit sa California mula pa noong 1984. Sa sandaling botohan, ang mga pansamantalang balota ay ipinapasok sa isang kulay-rosas na sobre.

Halos 90% ng mga pansamantalang balota ay may-bisa at ibinibilang.

BAKIT PANSAMANTALANG PAGBOTO?

- ★ Ang pansamantalang pagboto ay tumitiyak na walang wastong nairehistrong botante na pinakakaitan ng kanyang karapatang botohan ang isang balota kung ang pangalan ng botanteng iyon ay wala sa listahan dahil sa pagkakamaling klerikal, kaugnay ng pagproseso, kompyuter, o ibang pagkakamali.
- ★ Ito ay nagbibigay sa Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng kakayahan na tiyakin na walang botante na magkakamaling bumoto nang dalawang beses sa alinmang halalan.

KAILAN KAILANGAN ANG PANSAMANTALANG PAGBOTO?

- ★ Hindi matagpuan ang pangalan sa listahan.
- ★ Nakasaad sa listahan na INISYU ANG VBM at ang botante ay walang maisusukong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- ★ Nakasaad sa listahan na BAGO at ang botante ay hindi nagpakita ng ID.

★ MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO SA LAVOTE.NET ★